

Ang ating tunay na tahanan ay punung-puno ng kalayaan at kaginhawahan. Ito ay isang lugar kung saan matatagpuan ang natural na pakikipag-ugnayan na may pananampalataya, pagmamahal at pag-ibig.

Dahil sa maling paggamit ng ating malayang kagustuhan, tayo ay naligaw ng landas. Subali't ngayon tayo ay tinatawag, "umuwi ka na, magbalik sa Panginoon at magbalik sa tahanan, ang pinakamataas na kalagayan, ang lupain ng pag-ibig."

Kaginhawahan sa Tahanan

ni

Kyang Banal na Grasya Swami B.R. Sridhar



Isang Panimula sa Malalim na Kaganapan

Kaginhawahan sa Tahanan

Isang Panimula sa Malalim na Kaganapan

Tinipon mula sa impormal na pagpapahayag
na galing sa Kanyang Banal na Grasya
Srila Bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami Maharaj
Ang Tagapagtatag-Pangulo-Acharyya ng
Sri Chaitanya Saraswat Math, Nabadwip

Ginawa sa ilalim ng maawaing direksiyon at patnubay
ng Kanyang Banal na Grasya
Srila Bhakti Sundar Govinda-Dev Goswami Maharaj
Ang Kahalili Sevaite at Pangulo-Acharyya ng

Sri Chaitanya Saraswat Math
Kolerganj, Post Office: Nabadwip,
District Nadia, West Bengal, Pin 741302, India
<http://scsmath.com>

Lahat ay deretso reserbado para sa:
Ang Pangulo-Acharyya
Ang Kanyang Banal na Grasya Srila Bhakti
Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj
Sri Chaitanya Saraswat Math Road,
Kolerganj,P.O. Nabadwip, District Nadia, PIN 741302,
West Bengal, India.

Unang Sinipi ni Sripad B.S. Tridandi Maharaj
at Sri Mahananda Das Bhakti Ranjan
Iniwasto,ginawa at nilathala(sa ingles) ni Tridandi
Swami Sri B. A. Sagar

Sa panahon ng Banal na Anyo ng Ang Kataas-taasan
Panginoong Diyos Sri-Sri Gaurasundar
Ikalawa ng Marso,1999

Tinipon(sa ingles) ni: Mahananda Das Bhakti Ranjan
Traduktor(sa tagalog) ni: Propesora Bless Flores
at Isani Devi Dasi
Iniwasto(sa tagalog) ni Isani Devi Dasi
at Malini Devi Dasi

Sri Chaitanya Saraswat Math,
Sangay ng Pilipinas
Isani Devi Dasi
e-mail: scsmath-philippines@mail.com
Tel: +63 9203163750 & +63 9287712568

SOUTH AFRICA

Sri Chaitanya Saraswat Math,
57 Silver Road, Newholmes, Northdale
Pietermaritzburg 3201 Kwa-Zulu Natal,
☎: (0331) 912 026

NEW ZEALAND

1030 Coatesville Riverhead Highway,
Riverhead, Auckland,
☎: (09) 4125466
email: auckland@scsmath.org

MALAYSIA

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram, 7 Taman Thye Kim,
Jalan Haji Mohammed Ali, 32000 Sitiawan, Perak
☎ (05) 691 5686 e-mail sitiawan@scsmath.org

SINGAPORE

Sri Chaitanya Saraswat Math (Singapore) Blk 7, # 02-107
Tanjong Pagar Plaza Singapore,081007
☎: +65 9062 6733 e-mail singapore@scsmath.org

PHILLIPPINES

Srila Sridhar Swami Seva Ashram,
23 Ruby St., Casimiro Townhouse,
Talon uno, Las Pinas City, zip 1747.
☎: +63 800-1340
email: sridharswami@hotmail.com

Sri Chaitanya Saraswat Math

Philippines Branch.

☎: +63 9203163750 & 9287712568
e-mail: scsmath-philippines@mail.com

Sri Chaitanya Saraswat Math ay matatagpuan sa ating
website sa:

<http://www.scsmath.com>

BRAZIL

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram
Krishna Shakti Ashram,
P.O. Box 386, Campus do Jordao-S.P.
☎: (012) 3663 3168
email: ksa@scsmath.org

VENEZUELA

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram
Quinta Parama Karuna,
Avenida Tuy con Avenida Chama, Caracas
☎: (+58) 212-754 1257
email: contacto@paramakaruna.org.ve

IRELAND

Sri Chaitanya Saraswat Sangha, Willowfield Road
Ballinamore Co. Leitrim
☎: 071 9645661
e-mail: ireland@scsmath.org

NETHERLANDS

Sri Chaitanya Saraswati Sridhar Ashram,
Middachtenlaan 128,
1333 XV Almere, Buiten.
☎: 036 53 28150
e-mail: gandiva@chello.nl

HUNGARY


Sri Chaitanya Saraswat Math, Andras Novak
Nagybányai út 52. H-1025 Budapest
☎: (361) 3980295 fax: (361)3980295
email: sweetwater@scsmth.org

TURKEY

Sri Govinda Math Yoga Centre,
Abdullah Cevdet sokak No33/8 Cankaya 06690 Ankara,
☎: 090 312 4415857 & 4408882
email: turkey@scsmath.org



Kanyang Banal na Grasya
Srila Bhakti Sundar Govinda-Dev Goswami Maharaj
Ang Kahalili Sevaite at Pangulo-Acharyya



Kanyang Banal na Grasya

Srila Bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami Maharaj

Ang Tagapagtatag-Pangulo-Acharyya ng

Sri Chaitanya Saraswat Math, Nabadwip

U.S.A.

Sri Chaitanya Saraswat Seva Ashram,
2900 N. Rodeo Gulch Rd., Soquel,
CA 95073.

☎: (831) 462 4712

e-mail: soquel@scsmath.org

RUSSIA

Pin 197229 St Pertersburg, p.Lahta
St Morskaya b.13 Russia.

☎: +7 (812) 238-2949

e-mail scsmath@mail.ru

MAURITIUS

Sri Chaitany Saraswat Math International,
Nabadwip Dham Street.,
Long Mountain.

☎: (230) 245 3118 / 5815 /2899

e-mail: mauritius@scsmath.org

AUSTRALIA

Sri Govinda Dham, P.O. Box 72,
Uki via Murwillumbah, N.S.W. 2484.

☎: (0266) 795541

e-mail: uki@scsmath.org

MÉXICO

Sri Chaitanya Saraswati Sridhar Govinda Seva Ashram de Mexico,
Calle 69-B N°. 537, Fracc. Santa Isabel, Kanasín,
Yucatán cp 97370

☎: (52-999)982-8444

email merida@scsmath.org

ECUADOR

Srila Sridhar Swami Seva Ashram,
P.O. Box 17-01-576, Quito.

☎: 342-471 Fax: 408-439

email: ssswamisevaashram@yahoo.com

Ang kumpletong listahan ng mahigit 250 na Paglalathala sa 20 lenggwahe ay matatagpuan sa website ng Sri Chaitanya Saraswat Math sa:

<http://www.scsmath.com>

Ang kumpletong listahan ng Templo at Ashrams ng Sri Chaitanya Saraswat Math.

INDIA

Sree Chaitanya Saraswata Krishnanushilana Sangha
Opp Tank 3; 487 Dum Dum Park,
Kolkata Pin 700055,

☎: (033) 2590 9175 & 2590 6508

Sree Chaitanya Saraswata Krishnanushilana Sangha
Kaikhali, Chiriamore, P.O.: Airport,
Calcutta 700052, W. Bengal.

☎: (033) 2573-5428

Sri Chaitanya Saraswat Math,
Bidhava Ashram Rd., Gaur Batsahi,
Puri, Pin 752001, Orissa.

☎: (06752) 231413

Srila Sridhar Swami Seva Ashram, Dasbisa, P.O. Govardhan,
Dist. Mathura, U.P. 281502.

☎: (0565) 281 5495

Sri Chaitanya Saraswat Math & Mission,
96 Sevakunj, Vrindaban, Mathura,
U.P. 281121. ☎: (0565) 245 6778

U.K.

Sri Chaitanya Saraswat Math,
466 Green Street, London E13 9DB.

☎: (0208) 552 3551

e-mail: londonmath@scsmath.org

KAPANATAGAN SA TAHANAN PAUNANG SALITA

Aking nararamdaman na napakapalad ko na makarating sa personal na pakikipag-ugnayan kay Srila Bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami, ang ating Srila Guru Maharaj, at ngayon ang magkaroon ng pagkakataon na ilahad ang panimulang babasahin na ito. Sa kanyang buong buhay, si Srila Guru Maharaj ay nagsanay kung ano ang kanyang ipinangaral. Ang mga tunay na nagsasanay ay mismong nagpasimula ng paksang totoo, maligaya, espirituwal na buhay, subalit wala din silang kakayahang bisitahin ang bawat isa ng personal. Kung kaya sinasamantala namin ang pagkakataon na naibigay ng makabagong siyentipikong panahon upang mailathala ang mga aklat para maipahayag sa marami ang ganitong karunungan. Ang pakiramdam na bumubukal sa mga naglalathala sa ganitong paraan ay nakaiimpluwensiya ng kapaki-pakinabang hindi lamang sa makamundong daigdig, ngunit ito ay maaaring makapukaw ng mga kaluluwang nakatatag na sa espirituwal na daigdig. Lubhang nakapagpapasaya at nakapagpapakuntento na makita ang paglabas ng ganitong lathalain ngayon – Kapanatagan sa Tahanan – Bilang Panimula sa Malalim na Kaganapan. Ito ay isang pagpili mula sa mga aralin ng ating Banal na Guro, bilang pagpapakilala sa paksang pananampalatayang espirituwal ng buhay, at para sa paglilingkod sa Kanyang Banal na Misyon, ito ay inilathala ng marami sa pamamagitan ng tunay na pagsisikap ng mga mag-aaral na nagsasanay dito.

Hanggang sa huling mga araw ni Srila Guru Maharaj ay ipinamalas niya ang kanyang pagpapala sa mga naikondisyong kaluluwa sa pamamagitan ng mga panayam na minsan ay ihahatid niya ng walang patid, oras-oras. Mula sa kanyang halimbawa, mauunawaan natin ang proseso ng paghatol ng mga salita mula sa banal na Kasulatan na hanggang sa huling hininga natin ay nararapat nating sanayin ang paglilingkod sa Transendental na Paglilingkod sa Daigdig - at magbigay ng parehas na pagkakataon sa iba.

Sinumang maingat na magbasa ng babasahing ito na nagtataglay ng pagiging totoo ay nararapat makinabang at tumanggap ng inspirasyon gayundin ang pagkakataon na harapin ang buhay sa tunay na malalim na kaganapan.

Gumagalang,

Swami B.S. Govinda
Sri Chaitanya Saraswat Math,
Nabadwip
Ikawalo ng Pebrero, 1992

ii) Mga aklat ni Srila B.S. Govinda Maharaj:

Affectionate Guidance
Dignity of the Divine Servitor
Divine Guidance
Divine Message
Golden Reflections
The Benedictine Tree of Divine Aspiration
The Divine Servitor

iii) Mga babasahin:

Sri Gaudiya Darshan - Nabadwip
Sri Vaisnava Tosani - California

iv) Maraming uri ng aklat:

Archchan Kan (Mantrams for Deity worship)
Kirttan Guide (Devotional Song Book)
Relative Worlds (Srila Bhaktisiddhanta Saraswati Thakur)
Sri Brahma-samhita (Bengali / English)
Sri Chaitanya Mahaprabhu—
His Life and Precepts (Srila Thakur Bhaktivinoda)
Sri Chaitanya Saraswati—#1 & #2 (Hindi, Gujarati, Bengali)
The Bhagavata (Srila Thakur Bhaktivinoda)

IMPORMASYON UKOL SA NILALAMAN

Listahan ng mga aklat ng Sri Chaitanya Saraswat Math

Ito ay ilan lamang sa maraming aklat at babasahin na nailathala sa 15 wika ng Sri Chaitanya Saraawat Math Book at mga sangay sa buong kapuluan.

Para sa karagdagang impormasyon para sa paglalathala, tumungo sa Sri Chaitanya Saraswat Math website sa www.scsmath.com.

Listahan ng Aklat ng Sri Chaitanya Saraswat Math

Ingles

i) Mga aklat ni Srila B.R. Sridhar Maharaj:

Centenary Anthology
Exclusive Guardianship
Golden Volcano
Heart and Halo
Holy Engagement
Home Comfort
Inner Fulfilment
Search for Sri Krishna—Reality the Beautiful
Sermons of the Guardian of Devotion Vol. I – IV
Srila Guru Maharaj—His Divine Pastimes...
Sri Sri Prapanna-jivanamritam—(Positive & Progressive...)
Sri Sri Prema Dhama Deva Stotram
Srimad Bhagavad-gita—(The Hidden Treasure...)
Subjective Evolution—(The Play of the Sweet Absolute)
The Golden Staircase

Lahat ng kaluwalhatian kay Sri Guru at Sri Gaurangadev

Unang Kabanata

Kung maaari ay makinig ng mabuti sa kung ano ang aking ipaliliwanag. Sa isang siyentipikong pamamaraan susubukan kong ipaliwanag ang paksang ito sa inyo, sa kabuuan, walang kinalaman sa lahat ng relihiyosong kaalaman.

Una sa lahat, kailangan nating maintindihan na mayroong tatlong lugar ang buhay: ang lugar ng makamundong kasiyahan (plane of mundane enjoyment), ang lugar ng pagsuko (plane of renunciation), at ang lugar ng paglalaan (plane of dedication). Ang lugar ng kasiyahan ay humigit-kumulang kung saan tayo naroroon sa kasalukuyan, ang matamlay na kasiyahan ay nangangahulugan ng eksploytasyon; at kung walang eksploytasyon, walang mabubuhay sa lugar na ito.

**ahastani sahashtanam apadani chatuspadam
phalguni tatra mahatma jivo jivasya jivanam**

“Yaong may mga kamay ay mamuhay ng hindi kasama yaong mga walang kamay.” Ang mga hayop na apat ang paa ay nabubuhay sa damuhan, sa mga halamanan, at iba pa; at ang malalaking hayop ay namumuhay na hindi kasama ang maliliit na hayop.” Lahat ay puno ng buhay. Ang mga halaman, damo at puno ay mayroon ding buhay, ngunit kung walang eksploytasyon, walang sinumang makapagpapanatili ng kanilang katawan sa lugar na ito.

Ito ang eksploytasyon, at tulad ng tinuran sa ikatlong batas ni Newton, sa bawat aksyon mayroong kapantay at kasalungat na reaksiyon. Sa eksploytasyon ang isang tao ay nakagagawa ng pagkakautang at para linisin ang utang na yaon, kinakailangan niyang bumaba. Sa paraang ito, lubhang

maraming jivas o kaluluwa ang umaakyat at bumababa, akyat at baba, dahil sa aksyon at reaksiyon sa lugar ng pagsasamantala (exploitation). Ang pamayanan ay sumusubok na magsamantala (exploit) hangga't makakaya; saanpaman mayroon pa ring sumusubok na mamuhay kahit makakaperwisyo sa ibang tao. Kung wala nito, ang buhay ay magiging imposible sapagkat ito ang lugar ng eksploytasyon.

Ang mga Buddhists, mga Jains, ang mga tagasunod ni Sankara, at marami pang iba ang sumusubok na makalabas sa pagkakabuhol ng eksploytasyon at humanap ng buhay kung saan walang eksploytasyon, walang aksyon at reaksiyon. Upang maiwasan ang aksyon at reaksiyon sinubukan nilang humanap ng lugar ng pagsuko at dumating sila sa isang kaalaman na may pagkakahawig sa isang pagtulog na walang panaginip, yaong samadhi: ang umalis ng tuluyan mula sa objektibong mundo at manatili sa subjektibong lugar. Kung hindi papayagan ang kanilang mga nararamdaman na tumungo sa mas mababang lugar, lagi silang mananatili sa mas pansariling katayuan, at iyon ay isang bagay tulad ng pagtulog ng walang panaginip.

Ang mga Vaisnavas – yaong mga naglilingkod sa Pinakamataas na Panginoon – ay may opinyon na mayroon pang ibang mundo, ang mundo ng Paglalaan. Ang paglalaan na iyon ay ang tunay na kasalungat ng eksploytasyon. Sa makamundong lugar, bawat maliit na bahagi ay nagnanais kasangkapanin ang kapaligiran, sa kabilang banda, sa lugar ng paglalaan bawat maliit na bahagi ay nagnanais maglingkod sa kapaligiran; ang tunay na susi sa buhay ng lugar na iyon ay ang pagsilbihan ang Sentro. Nabubuhay tayo sa isang likas na kabuuan, kung kaya bawat punto ay narapat maging totoo sa likas na Sentro. Ang paliwanag ay ibinigay sa Srimad-Bhagavatam sa pamamagitan nang paghahaintulad ng paglilingkod sa ugat ng isang puno.

naglalagablab na mga luha mula sa mga mata nating umi-iyak. Ang isang tagapagtanggol o pilantropo ay pinapalubha lamang ang suliranin dala ng kanyang marahas at walang kuwentang pagsubok na mabawasan ang nakabaon na hapdi ng naghihirap na kaluluwa, tulad ng isang mangmang na manggagamot na pilit na binibigyang lunas ang hindi mapalad na pasyente. O ang araw na mapagtanto ng kaawangawang kaluluwa ang walang sanhing grasya ni Sri Guradeva.

Kabuuhan sa bilang at katangian nito, at isa lamang nakadependeng Kabuuhan sa Katiyakan. Sa ibang salita, ang Lubos na Panginoong Krsna ay ang Lumikha, at ang indibidwal na Kaluluwang jiva ang Kanyang nasasabatas na tagasunod.

Ganoong ugnayan ay hindi pabagu-bago at tunay na kaaya-aya para sa kaluluwa (jiva). Ang pagnanais natin sa pang-aalipin ay hindi nabubuhay sa atin dahil sa Kanyang malayang pamimili at masigasig na positibong pagnanais. Ang kalayaan at kaisahan ng jiva ay hindi maaaring masak-tan sa pagsuko sa Lubos na Kabutihan, ngunit sinisikap nilang sumaKanya. Ang indibidwal na kalayaan at interes ang bahagi ng mga nasa Lubos, at sila ay nasa tahananang yaon, tulad ng pagkakatatagpo ng isda na nasa tubig o ng hayop sa isang malusog na kapaligiran. Subalit ang kalayaan at iba pang mga katangian ng Makapangyarihang Personalidad ay hindi limitado at transendental at tanging sa kanilang mga binabahaging gamit sila makikipagkasundo sa lahat ng mga magkakaugnay na kabuuan.

Si Sri Guru ay hindi eksklusibong katulad ng mismong Makapangyarihang Panginoon, ngunit buong-buo Niyang ipakikita ang kahalagahan ng kabuuang normal na kapang-yarihan at isinasabuhay ang pinakamalawak at tamang paglilingkod at pag-aalay sa Panginoon. Dahil Siya ang pinakaakmang lingkod ng Panginoon, siya ay ipinagkalooban ng kapangyarihan ng Panginoon na ibalik ang mga naligaw na kaluluwa sa kanilang pinakamabuting interes. Kaya, ang Guru ang banal na tagapaghatid ng walang kamatayang pag-asa at kaligayahan dito sa mortal at miser-ableng daigdig. Ang Kanyang pagdating ang pinakamabuti at maligaya maging sa mga naghihirap na nilalang, at maaaring ihalintulad sa pagsikat ng tala sa umaga na gagabay sa man-lalakbay na naligaw sa disyerto. Ang haplos ng mapagkalin-gang kamay ni Sri Guru ay makawawala ng ating

**yatha tarora mula-nisechanena
trpyanti tat-skandha-bhujopasakhah
pranopaharacha cha yathendriyanam
tathaiva sarvvarhanam achyutejya**

(Bha: 4.31.14)

Sa literatura din ng Vedic, matatagpuan nating ipinahayag doon na, "Subukang hanapin ang isang tao sa pamamagitan ng pagkilala kung sino ang nakakaalam ng lahat."

**yasmin jñate sarvva idam vijñatam bhavati,
yasmin prapte
sarvva idam praptam bhavati
tad vijijñāsa tad eva brahma**

Mayroong sentro ng punto sa pamamagitan ng pagkilala kung sino ang nakakaalam ng lahat, at sa pamamagitan ng pagkamit sa kanyang mga nakamit. Ang pinahaba at pinaikli sa kabuuan ng payong Vedic ay sumusubok na hanapin ang Sentro. Sa simula maaaring isipin ng iba na ito ay nakagaganyak na pag-angkin. "Sa pamamagitan ng pag-alam sa isa, lahat ay malalaman, sa pamamagitan ng pagkuha ng isa, lahat ay makukuha – ano ito? Tanging ang galit na tao ang makapagsasabi ng ganitong mga bagay!" Kaya, isang pagha-halintulad ang ibinigay sa Srimad-Bhagavatam: kapag nilagyan mo ng tubig ang ugat ng isang puno, ang buong puno ay napapakain din, at kapag nilagyang mo ng pagkain ang iyong sikmura, ang buong katawan ay napapakain; katu-lad nito, kapag gumawa ka ng paglilingkod sa Sentro, lahat ay napaglilingkuran. Ito ay posible, at ang paggawa noon ay nangangahulugan ng pagpasok sa lugar ng dedikasyon. Ang pag-iwas sa lugar ng eksploytasyon, gayundin yaong sa pag-suko, subukan nating pumasok sa lugar ng dedikasyon. Ang iyong sarili (atma), ang mismong kaluluwa mo, ay kasapi ng lugar na iyon. Yaon ang tunay na daigdig, kung saan ito ang maling paglalarawan.

Ang tunay na daigdig ay kung saan bawat maliit na bahagi ay nag-aalay ng kanyang sarili sa lahat, ipinapakita sa pamamagitan ng Sentro, tulad ng nasa isang malusog na pangan-gatawan, bawat atom ay gagawa para sa ikabubuti ng buong katawan. Kung ang atom ay gagawa para sa kanyang sarili, ito ay pagsasamantala ng matindi, at ang ganitong lokal na gawain para sa lokal na interes ay maliwanag na hindi mak-abubuti. Bawat bahagi ng katawan at bawat atom ay kinakailangang gumawa para sa ikabubuti ng buong sistema. Mayroong Sentro, at sa pamamagitan niyon, yaon ay mangyayari.

Ano ang kalagayan ng Sentro? Ito ay nababanggit sa Bhagavad-gita,

sarvva-dharmman parityajya mam ekam saranam vraja

(Gita 18.66)

Ipinaliwanag ni Krsna ang kanyang kalagayan, “Iwanan lahat ng dharmmas o Gawain at kayo’y pumasaakin.”

Ngayon, nais kong ipakita ang paniniwalang ito mula sa isa pang pananaw.

Si Hegel ay isang mabuting pilosopong German at tagapag-taguyod ng pilosopiyang “perpeksiyonism”, Ayon dito, ang Tiyak na Katotohanan, ang Pangunahing Dahilan ng lahat, ay nararapat magkaroon ng dalawang katangian. Anu-ano ang mga ito? Ito ay dapat sa pamamagitan niya at para sa kanya.

Kung maaari ay makinig kayo. “Sa pamamagitan niya” ay nangangahulugang Siya ang may likha sa kanyang sarili, -- walang ibang lumikha sa kanya. Kung may ibang lumikha sa Kanya, ang lumikhang yaon ang magkakaroon ng pangunahing halaga. Kung kaya, upang maging Tiyak, kailangan Siyang maging añadi, walang hanggang pagkabuhay at hindi likha sa pamamagitan ng anupaman. Ang Katiyakan ay kailangang mayroong ganitong katangian.

liwanag. Ang Tunay na Patnubay (Sad-Guru) ay nagliliwanag sa lahat ng mga guro ng panahon sa harap ng bukas at makatarungang mata.

Ipinakikita ni Sri Guru ang Kanyang sarili sa dalawang paraan – bilang direktor na nagmumula sa loob at bilang tagahatol na nagmumula sa labas. Parehong gamit na ito ay tumutulong sa indibidwal na kaluluwa – isang disipulo – upang marating ang tiyak na hangarin. Sa ating bumabagsak na kalagayan hindi natin makuha ang tamang direksyon ng panloob na gabay, kaya ang pagpapakita ng pagkalinga ng tagahatol ay ang ating tanging tulong at pag-asa. Ngunit gayundin tanging sa biyaya ng Guru ang makatutulong upang tayo ay makilala ng tunay na tagahatol at sumuko sa Kanyang paanan.

Ang tunay na disipulo ay dapat na manatiling gising sa kato-tohanan na ang pinakamataas na kapalarang ispiritwal ay isang biyayang ipinagkaloob na nagmula sa Lubos na Panginoon, at hindi isang karapatan na hinihingi o pinagaawayan. Ayon sa batas, tayo ay may pangsanggalang upang maging tamang tagatanggap ng mga biyaya ng Panginoon. Sa ganitong ugnayan dapat na maunawaang mabuti na ang indibidwal na kaluluwa ay hindi kailanman magiging katulad ng Lubos na Nilalang. Kahit na sa Kanyang pinalaya o buong kaalaman ang indibidwal na kaluluwa ay hindi magiging katulad ng Panginoon Diyos. Ang hindi pagkaunawa sa kaisahan ay ipinakilala ng pagpapabaya sa hindi pamimili sa pagitan ng Lubos na Personalidad at ang nagbibigay-liwanag na orbe na umiikot sa Kanyang kawalang-hanggan, pagiging ispiritiwal, at maligayang tahanan. Sa totoo lang, ang kaluluwa ng tao ay bumubuo ng bahagi lamang ng partikular na kapangyarihan ng pangunahing kahalagahan ng Makapangyarihang Panginoon, at siya ay may kakayahang baguhin ang parehong panig. Siya ay naiiba sa Lubos na

paningin. Imposibleng makita ng mata ang isip; magkaka-roon lamang ng kaugnayan ito sa ating isip kung ang huli ang iisipin natin. Sa parehong paraan, ang ating ugnayan sa Tiyak na Kaalaman ay pangunahing nakadepende sa kanyang matamis na kagustuhan. Dapat tayong dumepende sa Kanyang tagapaghatid, o ang banal na guru, kung kanino man nais na ibahagi ang kanyang sarili.

Ang pamayanan ng tao kasama ang pinakamabuti nitong uri ng kaugalian ay binubuo ang walang-hanggang bahagi ng pabago-bagong katiyakan. Paano, maliban sa direkta at positibong pamamaraan ng paglalantad, kakayaning natin maunawaan o mabuhay sa kahit na anong pagkaunawa ng kakaibang kaalaman ng walang pamantayang kawalang-hanggan? Lahat ng mga higanteng intelektuwal ay pinatunayan ang kanilang mga sarili na mga duwende lamang bago ang pagdating ng pinakamakapangyarihang Katiyakan na inihahanda ang karapatan na ibahagi ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang mga tagapaghatid lamang.

Sa ating lubos na kaalaman at katapatan, dapat natin makita na hindi tayo dapat magpasakop sa mga mapanlinlang na tagapaghatid. Dito syempre, hindi natin maiiwasan na tulungang mabuti ang ating mga sarili, sapagkat sa kasalukuyang kalagayan tayo ay ginagabayan ng ating nakaraang samskara o natamong kalikasan. “Ang mga ibon na magkakatulad ay nagkakasundo.” Subalit, kahit na tayo ay natatalo ng ating mga gawain, mayroon pa ding posibilidad na magkaroon ng malayang pamimili, lalo na sa mga tao, kung hindi ang pagtatama ay magiging imposible, at ang pagpaparusa ay pawang paghihiganti lamang. Mapatutunayan ng Katotohanan ang Kanyang sarili. Hindi kailangan ng liwanag ang kadiliman para sa pagkakaroon ng positibong palatandaan. Ang araw sa pamamagitan ng Kanyang sarili ay maaaring makapagbuo ng kapangyarihan sa paligid ng lahat ng

Ang susunod na katangian ay ang Buong Katotohanan ay “para sa kanya” Nabubuhay siya para sa sarili niyang kasiyahan, hindi para pasiyahin ang iba. Kung ang kanyang pagkabuhay ay para sa kasiyahan ng ibang bagay, magiging dahilan iyon upang siya ay maging Sekundaryo at hindi Niya mapanghawakan ang pangunahing katayuan.

Kaya, ang Katiyakan ay kailangang magkaroon ng dalawang katangiang ito. Siya ang may likha sa Kanyang sarili, at nabubuhay lamang Siya para pasiyahin ang kanyang sarili, upang punan ang Kanyang sariling hangarin. Ang Katiyakan ay sa pamamagitan Niya at para sa Kanya. Kung kahit ang damo ay gumalaw, ito ay gumagalaw upang punan ang intensyon ng Katiyakan. Lahat ng bagay – bawat pangyayari, at kahit anong mangyari – kinakailangang ito ay para sa Kanyang kasiyahan. Kaya ang tunay na pangkalahatang tinatanggap ay ang Kanyang Lila, ang Kanyang Libangan. Tayo ay ginagabayan ng magkakahiwalay na interes, malasakit sa pamilya, sa bansa, sa bayan o pagiging makatao, at iba pa, ngunit sa walang katapusang konsiderasyon ito ay napakaliit lamang na bahagi, at lahat tayo ay nakatali sa paggawa para sa magkakahiwalay na interes. Mayroong kompetisyon sa pagitan ng hindi mabilang na magkakahiwalay na interes at dahil doon, mayroong gulo. Ngunit kinakailangan nating iwanan ang lahat ng tinatawag nating espesyal na interes, lumabas mula sa hindi pagkakaunawaan, at subukang kumilos bilang isang maliit na bahagi para sa kabutihan ng lahat.

Ang konklusyon ng Bhagavad-gita na ibinigay ni Krsna ay “Sarvvadharman parityajya---Isuko mo ang lahat ng iyong tungkulin na sa palagay mo na sa kasalukuyan ay kailangan mong tanggalin, at—mam ekam saranam vraja—sumuko ka sa Aking paanan.”

aham tvam sarvva-papebhyo moksayisyami ma sucah

“Aalisin kita sa lahat ng kaguluhan na maaari mong maisip.”

Ang ibig sabihin, kailangan mong tandaan na maging tapat sa Sentro sa kasalukuyan, lahat ng inyong kanya-kanyang tungkulin ay para sa lokal na interes, pero isuko mo ang lokal na pagkilala sa iyong sariling interes at pagsamahin lahat sa interes ng likas na pangkalahatan.

Nakikita natin na kung ang opisyal na pulis ay kumuha ng tatlong rupees para sa kanyang sariling kapakanan, siya ay mapaparusahan, ngunit kung siya ay makapapatay ng marami para sa interes ng bansa, siya ay paparangalan. Tulad nito, kahit anong gawin para sa kasiyahan ng lahat ay mabuti, ngunit kung gumawa ka ng anumang bagay para sa iyong sarili o kahit sinong kaibigan, kailangan kang maparusahan. Sa isang industriya, wala tayong karapatang gumawa ng panunuhol para sa ating personal na hangarin, at kaalinsabay nito wala tayong karapatan para tumawag ng pag-aaklas, para isarado ang lakas ng manggagawa, dahil doon ang industriya ay mapipinsala.

Hindi ang eksploytasyon o ang pagsuko ang makagagawa. Ang eksploytasyon ay maliwanag na masama, at dahil wala tayong karapatan upang magpatuloy sa pag-aaklas, ang pagsuko ay masama rin. Sa likas na kabuuan ang pangkaraniwang interes ng bawat isa ay kinakailangang nakalaan sa Sentro at sa Sentro ay nangangahulugang sa pangkalahatan. Kapag nilagay natin ang pagkain sa ating sikmura, ang sikmura ang magpapamahagi nito sa buong katawan. Ganito ang buhay na itinuturo ng vaisnavism. Mayroong likas na kabuuan at tayo ay bahagi niyon. Mayroon tayong espesyal na tungkulin na may kaugnayan sa kabuuan, at iyon ang tamang paglalaan sa kabuuan. Hindi natin inilalagay ang pagkain sa ating mata, sa ilong o sa tenga, o kahit saan mal-

Ikalimang Kabanata

Ang kasalanan ay likas sa tao. Ang kasalanan ay hindi maiiwasan ng lahat, sapagkat hindi tayo perpekto. Ganunpaman, walang sinuman ang mananatiling hindi perpekto. Mayroong elemento na nakapaloob sa lahat na makapagtuturo sa atin ng perpektyon. Kung hindi ganun, wala tayong mararamdamang pagnanais. Ang ating hangarin na maging perpekto ay tiyak na mahina at limitado; kung hindi makakamit natin agad ang ating hangarin. Ang limitado nating kakayahan at pagnanais para sa perpektyon ay nagbubukas ng silid para sa gabay o Guru.

Ang pagiging imperpekto ay hindi magiging ganoon kung hindi nangangailangan ng tulong, at kung lampas ito sa kanyang sarili. Ang perpekto ay hindi perpekto kung hindi Niya pinatutunayan ang Kanyang sarili o tinutulungan ang iba, at yaon din, ang Kanyang sariling pakikipagkasundo. Kaya't ang paggabay sa perpektyon o buong katotohanan ay gawaing kinakailangan ng Tiyak na sarili, at ang banal na tagapaghatid kung saan nakikita ang Kanyang gamit ay si Sri Guru o ang banal na patnubay.

Para sa tagatanggap ng Buong Katotohanan, ang pagpapasakop sa Guru ay hindi maiiwasan. Ang grupo ng mga pala-isip ay naniniwala, ngunit, kung posible ang siyentipikong pananaliksik, bakit hindi mabubuhay ang mas mataas na kaalamang pang-isperitwal na nasasaatin? Ang mga ganoong tao ay mangmang sa napakahalagang kalikasan ng Tiyak na Kaalaman, na Siya mismo ang Tiyak na Paksa at lahat-lahat kasama ang Kanyang sarili ay nananatili lamang bilang bagay sa Kanyang makapangyarihang

pagkakaroon ng buhay na tinataglay ng hayop: ahara, nidra, bhaya, maithuna – para kumain, matulog, mangamba bawat minuto, at makaramdam ng kasiyahan; matatagpuan ito kahit saanman. Kapag naging isang hayop kayo o pumunta kahit saan – maging ibon, uod, insekto, at iba pa, makukuha ninyong lahat ng kasiyahan ng pandama, ngunit ang paglinang sa inyong buhay-kaluluwa, buhay-isperitwal, ang inyong tamang silbi - yaon ang pagkakataon ninyo na hindi kayo mapapadpad kung saan-saan kundi sa buhay lamang ng tao. Sa grupo ng mga banal ang kabuuan ng posisyon ay maaaring maipaliwanag, at sa pamamagitan nito makagagawa kayo ng pag-unlad ng inyong buhay at maliligtas ang inyong mga sarili. Subalit, kung sa kabila ng pagkakaroon natin ng buhay nawala natin ang pagkakataong ito, pinapatay natin ang ating sarili o higit pa doon. Pagkatapos natin makatanggap ng buhay, isang pagkitil pa din ng buhay ang hindi natin pagtulong nang maayos sa ating mga sarili, ang pagpipilit na mailigtas ang ating mga sariling kabuuan.

iban sa sikmura. Kapag ang pagkain ay naipamahagi ng tama, doon lamang magiging malusog ang buong organismo. Lahat tayo ay bahagi ng buong kalawakan, at ang ating tungkulin ay ang gumawa para sa lahat, at yaon ang debosyon, dedikasyon, pagsuko. At paano natin malalaman ang tungkol doon? Makatanggap tayo ng tulong mula sa mga ibinunyag na Kasulatan at mula sa maraming santo at tagapaghatid na sila ring nagsisidating mula sa lugar na iyon upang maghatid ng pagkakaisa.

Ang relihiyon ng pinakamataas na pagkakaisa ay ibinigay ni Mahaprabhu Sri Chaitanyadev na ipinaliwanag ang Debosyon base sa Srimad-Bhagavatam, ang aklat na itinuturing na tunay na konklusyon ng lahat ng nabunyag na Kasulatan. Sa paraang ito, ipinaliwanag Niya na ang enerhiya o kapangyarihan ay hindi ang pinakamatayog na bagay, ngunit ang kaalaman ay nasa kaitaasan niyon. Ang kaalaman ay may kakayahang makontrol ang kapangyarihan at magbigay ng makabubuting resulta. Ngunit sa mas mataas na lugar, kahit ang kaalaman ay nakakukuha ng mas mababang posisyon, sa itaas ng kaalaman ay pag-ibig at pagkalinga at yaon ang pinakamataas. Hindi ang kaalaman o ang kapangyarihan, ngunit tanging pagkalinga lamang ang makapagbibigay sa atin ng katuparan sa buhay.

Ang awa ay mas mataas kaysa sa katarungan. Ang katarungan ay nananatili lamang kung saan nangangailangan ng batas at kautusan, ngunit sa katotohanan ng Ganap na Autokrata, ang tiyak na mabuti, walang magiging katarungan sa anumang pagkaunawa tungkol sa Kanya. Siya ay lubos na mabuti, at ang lubos na kabutihan ay ganap na pag-ibig at pagmamahal, at yaon ang tahanan! Bumalik sa Diyos, bumalik sa tahanan. Ano ang tahanan? Ito ay kung saan matatagpuan natin na tayo ay nasa kalagitnaan ng mga naghahangad ng kabutihan para sa atin. Kahit na wala tayong

pakialam para sa ating sariling kapakinabangan, mayroong napakaraming mag-aalaga sa atin - sa katotohanan ang buong kapaligiran ay aalagaan tayo - at yaon ang tahanan. Yaon ang kabuuan ng Katiyakan at makapapasok tayo sa Kanyang paglilingkod, ang pinakamataas na posisyon, at doon ay makikita ang pagmamahal, pag-ibig, pagkakaisa at kagandahan na nabubuhay doon. Lahat ng katangiang ito ay magkakatulad at sila ang bumubuo sa pinagmulan ng Pangunahing Dahilan at Kabutihan, at dapat tayong tumungo doon.

Sa maling paggamit ng ating sariling kalayaan, tayo ay parang naililigaw. Ngunit ngayon tayo ay tinatawag, “Halika sa tahanan, magbalik sa Diyos at magbalik sa tahanan, ang pinakamataas na posisyon, ang lupain ng pag-ibig.” Ito ay, sa kabuuan at sa maikling salita, ang kabuuang total ng lahat ng aking sinabi sa inyo—ito ang kaunawaang Krsna sa Bhagavad-gita at sa Srimad-Bhagavatam, at iyon ang kaunawaan na ibinigay ni Sri Chaitanyadev. Itong Sri Chaitanya Saraswat Math at ang kabuuan ng Gaudiya Misyong ay pangangaral para lamang sa kabuuang dedikasyon sa Sentro, at ang Sentro ay higit sa lahat ng katarungan. Iyon ay sa kabuuan maawain, mapagmahal, puno ng pag-ibig at kagandahan.

Ito ang pangkalahatang batayan ng relihiyong Vaisnava, ng Srimad Bhagavad-gita at Srimad-Bhagavatam at maikling pagtanaw ng lahat ng kaunawaan ng relihiyon - iyon ang eksploytasyon, pagsuko, at dedikasyon, ang tatlong lugar ng buhay, at ang kaluluwa ay isang kasapi ng lupain ng dedikasyon. Lahat ay maliit na bahaging naghahandog, ngunit kahit ano, sa pamamagitan ng maling paggamit ng hindi buong malayang kagustuhan ay pumapasok sila sa mundo ng eksploytasyon. Sina Buddha, Jain, Paresanath at iba pa ay tumulong sa mga nagnanais na umalis mula rito, na makal-

Kumander sa kanyang mga sundalo, “Huwag ninyong baguhin ang inyong posisyon. Bagkus, mamamatay kayo ng pinangangalagaan ito.” Subalit kapag dumating ang pagkakataon, sasabihin niya, “Sige, sumulong.” Gayundin, ang Sastra, ipinahayag ng Kasulatan, “saanman kayo ipinanganak ng naaayon sa inyong nagdaang karma, saanman kayo nakatayo, huwag ninyong subukang umalis sa yaong posisyon kung hindi may posibilidad na bababa kayo.” Subalit kapag may tamang pagkakataon na dumating, sasabihin nila, “Sumulong patungo sa Katiyakan! Magpaunlad.” Kaya’t ipinagkaloob ng Bhagavad-gita, “Huwag ninyong hayaang mawala ang kasalukuyang posisyon ng ganoon kadali lamang na nagiging bunga ng inyong nakaraang aksyon – bagkus, mamamatay kayo doon!” Subalit, ganumpaman, dumating si Krsna upang ipahayag,

sarvva dharmman parityajya mam ekam saranam vraja

“Kapag nabigyan kayo ng pagkakataon na lumakad patungong Sentro, gawin ninyo ito kahit ano pang mangyari.” Ito ang paraang rebolusyunaryo. Mayroong paraang konstitusyunal at paraang rebolusyunaryo. Ang paraang rebolusyunaryo ay pagharap sa panganib ng lahat at paglakad, paglakad pasulong patungo sa Sentro ng katotohanan, at sapagkat ang buhay ng tao ay ipinagkaloob ang mga pinakamagagandang pagkakataon, dapat natin gawin anuman ang kinakailangan para doon.

Tanging buhay ng tao ang may praktikal na kapangyarihan na mamili at magdesisyon. Kapag nawala ninyo ang posisyon ito at mapunta sa buhay ng hayop o buhay ng gulay, walang nakaaalam kung kailan kayo muling babalik sa dating anyo upang magkaroon ng sarili at boluntaryong desiyon. Samakatwid, ang buhay ng tao ang pinakamahalaga at huwag ninyong gamitin ito sa maling paraan para sa

ipinahayag ni Darwin ay ang objektibong ebolusyon, subalit ang Kasulatang Vedic ay ipinahayag na ang lahat ay nagmula sa kategoriyang subjektibong ebolusyon. Tulad ng sinabi ni Bishop Berkeley, isang pilosoper na European, “Hindi ang isip ang nasa daigdig bagkus ang daigdig ang nasa isip.” Lahat ay lumulutang sa daigdig ng kamalayan. Ang kamalayan ay pinangungunahan ang lahat.

Ipinahayag ng seksyon ni Darwin na sa simula ay mayroong “posil”. Subalit ano ang “posil”? Ang “Posil” ay isang particular na pagkaunawa, at ito ay bahagi ng kamalayan. Samakatwid, ipinaglalaman natin na ang kamalayan ang pinaka-orihinal na paksa. Anuman ang sinasabi ninyo na nagiging simula, ang kamalayan ay nauna pa din bago yaon, kung hindi walang pahayag ukol sa anuman ang magaganap. Kaya’t ang katotohanang Vedic ay ipinapahayag na si Brahma – ang pangkalahatang aspetong impersonal ng Katiyakan – ay ang pinagmulan ng mga kaluluwa, at higit sa kaluluwa, ang atma, ang dakilangkaluluwa, ang Paramatma. Sa makamundong daigdig lahat ng paghubog ay nasa madilim na panig, ngunit mayroon din namang maliwanag na panig – ang walang-hanggang daigdig, na nabubuhay kasama ng napakaraming masayang gawain, at napakaraming alon sa karagatan ng kaligayahan at kasiyahan.

Sa ganitong paraan dapat nating maunawaan ano ang tungkulin sa buhay na ito, ano ang di-pangkaraniwang kahalagahan ng buhay ng tao, at paano ito magagamit. Napakadami din mga opinyong panrelihiyon ngunit tayong mga naghahanap ng katotohanan ay nararapat na tumuklas ng natatanging lunas para sa lahat, at dahil doon dapat tayo pumasok sa isang paghahalintulad na pag-aaral.

Ipinahayag ng Kasulatan na dapat hindi tayo madaling nagbabago ng ating posisyon. Halimbawa, sasabihin ng

abas sa pagkakabuhol ng eksploytasyon - ng aksyon at reaksiyon - sa pamamagitan ng kumpletong pagreretiro. Sinasabi nila na pagkatapos ng pagreretiro, ang kaluluwa ay maaaring mabuhay ng masaya. Gayunpaman nananatili pa rin ang posibilidad na mabuhol ulit sa pain na ito. Ngunit kung saan ang mga malayang kaluluwa ay nabubuhay, lahat ay maliit na bahaging naghahandog, at kung nais nating mabakas kung ano ang nakapagkakaisa sa kanila at panatilihin sila sa lugar na yaon makikita natin na lahat ay gumagawa para sa kabuuan, at ang lahat ay ipinakikilala ng isang tiyak na mabuti. Kailangan natin matagpuan lahat ng bagay na ito, at para dito ang pagsisilang ng tao ay napakahalaga. Kaugnay ng sadhus - ang mga santo, mga tagapaghatid - kailangan nating subukan ang ating makakaya upang makalabas sa pagkakabuhol na ito at pumasok sa mundo ng pag-ibig, dedikasyon at pagmamahal.

Kami ay nakapagpalabas na ng ilang mga aklat, at mayroong maraming sinaunang Banal na Kasulatan na nakatulong sa atin na maunawaan ng maayos at sa mas detalyadong paraan ang lahat ng ontolohiyang aspeto ng relihiyon.

Ikalawang Kabanata

Ang tunay nating tahanan ay puno ng kalayaan at kaginhawahan. Lahat ng ating mga kailangan ay naroroon. Ito ang lugar kung saan may likas na pakikipag-ugnayan sa pananampalataya, pag-ibig at pagmamahal. Ito ay hindi matatanto. Ayon sa Upanisads, “Huwag ninyong subukang ilagay sa pagsubok ang di-naiintindihang lugar na yaon ng inyong pagkakaunawa. Yaong lugar ay tunay na lampas sa kakayahan ng ating mga kaisipan. Ito ay nakapaloob sa naiibang grupo ng batas. Ang inyong matematikal na pagtutuos at konklusyon sa mundong ito ay nagtataglay ng mga punto, lugar, at solidong bagay. Sa kasalukuyan kayo ay nilalang sa mundo ng mga solido, at mayroon kayong ilang limitadong pakikipag-ugnayan sa mga lugar at mga puntos sa ilang basal na pamamaraan, samakatwid paano ninyo matutuos ang mga bagay ukol sa matataas kung wala kayong nalalaman tungkol dito? Ang mga kaugalian at batas ng bansang yaon ay hindi pa ninyo nalalaman, kaya’t hindi kayo maaaring makipagtagalo sa mas mataas na mga bagay. Yaong lugar ay nagtataglay ng kakaibang kalikasan. Kung limitado ang inyong pagkakaunawa sa mga batas ng tubig, paano ninyo matutuos ang hangin? Tulad nito, kung kayo ay mayroon alam sa mga batas ng hangin, paano ninyo matutuos ang nakapaloob sa himpapawid. Samakatwid, huwag kayong magmadali na dalhin sa inyong eksperimental na laboratoryo ang mga ganoong bagay na lampas sa kakayahan ng inyong kaisipan, sapagkat yaon ay magiging kamangmangan lamang.

Ang mga mataas na bagay ay nabubuhay, subalit ang tao sa kabuuan ay walang nalalaman ukol sa mga iyon. Tayo ay tunay na mga bihasa at mayroong kaalaman, ngunit sa mga

liwanag ng buwan. Ang tagatipon ng Vedas, si Vyasadeva, ay nagwika na ang atma o kaluluwa ay tulad ng nagliliwanag na buwan o araw. Ang ulap ay natatakpan ng araw, subalit ang ulap ay nakikita pa din dahil sa liwanag ng araw. Gayundin, ang kaluluwa (atma) ang liwanag na nasasaatin, at dahil ito ang nasa kaligiran nadadama natin ang ating sistemang-mental. Kapag inalis ang liwanag, mamamatay lahat. Ang sistemang-mental, ang katalinuhan, ang kakayahang mamili at marami pang mga daan na makapagbibigay sa atin ng kaalaman mula sa labas, ay mawawalang saysay kung aalisin ang liwanag. Yaong liwanag ay ang kaluluwa (atma), ang liwanag, at bahagyang kakaiba ito sa iba pang mga bagay dito. Ang kaluluwa ay bahagi ng liwanag at mayroong lupain ng kaliwanagan na binubuo ng mga kaluluwa, at sa ganitong paraan magkakaroon ng pag-unlad: mula sa subjektibo patungo sa super-subjektibo, mula sa kaluluwa patungo sa super-kaluluwa, mula sa atma patungo sa Paramatma. Tulad ng pagkakatuklas natin ng papawirin, hangin, init, tubig at ng mundo, ng pagkabuhay, gayundin sa mas mabuting daigdig, mayroon ding pag-unlad mula sa katalinuhan patungo sa kaluluwa, sa Supersoul, pagkatapos patungo sa Super-super-kaluluwa... sa ganitong paraan, ang subjektibong panig ay dadako patungo sa kawalang-hanggan. Ito ang super-subjektibo.

Ayon sa teoriya ng ebolusyon ni Darwin ang lahat ay nagmula sa “bagay”. Sinabi niya na kahit sa sinapupunan pa lamang, mayroon ng “bagay” na umuusbong, at mula sa paglaki ng yaong bagay, ang kaalaman ay unti-unti din umuusbong. Sa kabuuan, iniisip niya na ang kamalayan ay nagmumula sa “bagay”. Subalit hindi naniniwala ang mga tagasunod ng ibinunyag na katotohanan. Sinasabi nila ang kamalayan ang kabuuan, at ang lahat ay lumulutang sa karagatan ng kamalayan. Yaon ang subjektibong ebolusyon. Ang

ga ito kaysa sa mga pandama sapagkat kung hindi ako nakikialam, ang isang tao ay maaaring dumaan sa harap ko ngunit posibleng masabi ko, “O, hindi ko siya namalayang dumaan. Hindi ko siya nakita at hindi ko siya narinig. Wala akong pakialam.” Kaya’t, ang isip ang Sentro, at yaon ay mas mahalaga kaysa ating mga pandama.

Ang mga pandama ay mas mahalaga kaysa sa panlabas na daigdig, at ang isip ay mas mahalaga sapagkat kung hindi nakatatanggap ang isip, ang mga pandama, tulad ng maraming pinto, ay mawawalan din ng kabuluhan. Ang manasas tu para buddhi – mayroon isa pang pamantayan na nararapat na matagpuan sa atin, isang mabuting bagay na tinatawag na dahilan, ang katalinuhan (buddhi). Ano ang katangian nito? Ang isip ay nagsasabing, “O, kukunin ko yaon,” subalit sasabihin ng buddhi, “O, hindi. Hindi, huwag mo kuhanin yaon, magdudulot lamang ng kasiraan. Ito nalamang ang kuhanin mo, magdudulot ito ng kabutihan. “yaong paraan ng pamimili, yaong dahilan, ang mas mataas na pamantayan na nasasaatin.

Buddher yah paratas tu sah – yaong mas makapangyarihan kahit pa sa katalinuhan ay ang mismong kaluluwa.

Sa ganitong paraan dapat nating tuklasin ang mga elemento. Higit na mahalaga kaysa sa panlabas na daigdig ay ang ating mga pandama, higit na mahalaga kaysa sa ating mga pandama ang ating isip; at higit sa isip ang ating dahilan mas mabuti at mas kapani-paniwala; at – buddher yah parats tu sah – may bagay na higit pa din sa katalinuhan (buddhi), at yaon ang ating kaluluwa. At ano ang kalikasan noon, ang katangian? Ito ay tulad ng liwanag.

Sa Kasulatan isang halimbawa ang ibinigay, sa isang gabing bilog ang buwan, mayroong mga ulap sa langit na natatakpan ng buwan - subalit ang ulap ay nakikita pa din dahil sa

piling antas at pamantayan lamang. Hindi natin susubukan na matuos ang anumang lampas sa ating kakayahan. Subalit kung ang mga mayroong karanasan ay darating sa atin at bibigyan tayo ng kaalaman, magkakaroon tayo ng paghahalintulad. “Ang taong ito na may natatanging karanasan sa himpapawid ay sumulat sa ganitong paraan, isang tao na may karanasan at nagsaliksik din sa kalikasan ng himpapawid ay sumulat sa ibang piling pamamaraan.” Sa ganitong paraan, makakamit natin ang pagkaunawa mula sa ganitong pananaliksik at ang kanilang tunay na pakikipag-ugnayan sa nasabing paksa.

Sa seksyon ng mga nagsasaliksik ng teleskopyo, makakagawa tayo ng paghahalintulad sa mga magiging resulta. Ang karanasan ng isang mananaliksik gamit ang kanyang teleskopyo ay isang natatanging uri at maaari din tayong matuto sa mga karanasan ng iba gamit ang kanilang piling teleskopyo. Dahil sa mga impormasyong ibinabahagi sa atin mula sa aktuwal na ugnayan gamit ang kanilang mga teleskopyo at mga eksperimento, tayo ay makabubuo ng konklusyon na ang piling teleskopyo ay malamang na mas makapangyarihan, ang isa naman ay makapangyarihan sa isang partikular na kaalaman, at iba pa. Kaya’t mayroon tayong ilang limitadong kakayahan na maghahalintulad ng mga natuklasan ng higit sa ating kakayahan sa pamamagitan ng teleskopyo, kahit na mismong ating mga sarili ay maaaring walang teleskopyo.

Ang paksa ukol sa mas mataas na antas ng bagay na natuklasan ng ating “mental na teleskopyo” o “pangkaluluwang teleskopyo” ay nabigyang-tuon sa Kasulatan. Ang ganoong paksa ay nalalaman ng mga banal, at kinakailangan nating humingi ng tulong sa kanila upang makapasok tayo sa yaong lupain. Sa kasalukuyan ay wala tayo sa ganoong kalagayan na maranasan ang mas mataas na antas ng yaong lugar, sub-

alit sa kalaunan, sa tulong ng mga banal at mga Kasulatan, kung tayo ay magtataglay ng ganoong uri ng “teleskopyong paningin” makakamit natin ang mas mataas na antas ng karanasan.

sve sve 'dhikare ya nistha sa gunah parikirtitah

“Ang pagkakabuklod-buklod sa sariling lugar ng pamantayan ay kahanga-hanga.”

achintyah khalu ye bhava na tams tarkena yojayet

Huwag ninyong hayaang matakpan ng mapanlabang kaisipan ang lahat. Ang pakikipagtunggali ay hindi ang pinagtatalunan ng kalahatan. Hindi ito nararapat na maging dahilan ng bawat paniniwala. Ang hangganan ng pananalig ay ang achintya, hindi basta nauunawaan, subalit, kinakailangan nating maunawaan yaon ng naaayon sa ating kakayahan, pananampalataya at pang-unawa. Higit sa lahat, nararapat nating tanggapin sa ating kaisipan na ang katamisan ay tunay na matamis, at katotohanan ay tunay na totoo, subalit, maaaring hindi abot ng ating pang-unawa, ngunit hindi tayo dapat gumamit ng anumang pamantayang nagmula dito at gamitin ito sa mas mataas na antas ng daigdig.

Kung ang isa ay walang mga mata subalit ang iba ay nakakakita, ang bulag ay tiyak na maghahanap ng tulong mula sa taong may paningin. Tayo ay bulag din sa kung ano ang nasasaatin, kung hindi, ano pa ang halaga ng manggagamot? Ang manggagamot ang makakakita ng hindi natin nakikita; aalamin niya ang karamdaman at saka bibigyan ng lunas. Tayo naman ay tiyak na igagalang ang kanyang pagsusuri at bibigyan natin siya ng kaukulang tulong. Ito ay nararapat.

Ang Guru ay espesyalistang manggamot, at mauunawaan natin ang kanyang pamantayan kapag napagtanto natin na

eksplorasyon ay lumilikha ng kaguluhan. Ang enerhiyang atomika at iba pang uri ng mga siyentipikong pananaliksik ay nagiging dahilan din ng dakilang pagkaunawa. Ang daigdig ay pinagtatangkaang masira anumang oras. Ang siyentipikong kaalaman na ito ang nagdulot sa atin ng ganitong kalagayan na anumang oras ang lahat ng bagay ay may katapuhan. Ito ang nakamamatay na kaalaman: ang pagtaas ng ganitong uri ng kaalaman sa daigdig na ito ay patungo sa nakamamatay na sibilisasyon. Ang eksplorasyon ay nangangahulugang reaksiyon. Kaya't, kung tatanggapin natin ang kabuuan, buong eksplorasyon, ang resulta ay ang pralaya o maha-pralaya, bahagyang pagkasira o kahit na buong pagkasira pa. Anuman ang pangyayari, sanhi man ito ng bombang atomiko o likas na pangyayari, ang pralaya ay darating, at pagkatapos noon, magkakaroon ng paglikha: kapanganakan at kamatayan, kapanganakan at kamatayan...bawat tao ay maipanganak at mamamatay muli, at ang buong kalawakan ay ipinanganak at mamamatay ding muli at muli ng walang katapusan.

Upang makalaya sa ganitong pagkakabilanggo dapat nating iwanan ang kapaligirang ito na nararanasan ng ating mga pandama. Nasabi din ito sa Bhagavad-gita at Upanisads, ang indriyani parany ahuh. Ang ating mga pandama ay pinaghahawakan ang ganitong pamantayan, sapagkat kung ang mata, tainga, ilong, pandama, at iba pa ay nawala, ang buong daigdig ay mawawala na din. Sapagkat mayroong pandama kaya mayroon tayong daigdig. Sa daigdig ng karanasan, ang ating mga pandama ay mahalagang lahat. Ang indriyebhyah param manah – nakapaloob ang ating kaisipan. At ano ang kaisipan? Ito ang instrumentong nakapaloob sa atin na pumipili, “Ito ang nais ko, hindi ko nais yaon.” Mayroon tayo pagkakagusto sa isang bagay at pagtalikod sa iba, at ito ang pamantayan ng namamayani sa ating kaisipan. Mas mahala-

Ikaapat na Kabanata

Ang panloob na pansariling kaganapan, na may pagwawalang-bahala ng kasalukuyang kapaligiran ng magulong daigdig, ay isang mahalagang katangian. Ito ay malapit sa panig ng kaluluwa. Ang tunay na Bhakti, ang Debosyon, ay ahaituki, walang sanhi; ito mismo ang kanyang sanhi. Ito ay walang sanhi at ito ay sa pamamagitan ng sarili lamang; tulad ng winika ni Hegel, ang katotohanan ay sa pamamagitan ng sarili niya. Ang katotohanan ay hind isang kathang-isip lamang, ngunit ang katotohanan ay nangangahulugang sistema na namumuhay sa sarili. Ito ay anadi at ahaituki, ito ay walang-hanggan, at walang makagagawa nito. Ang Bhakti ang sarili nitong sanhi. Ito ang mga kahulugan na ipinagkaloob upang maunawaan natin ano ang Bhakti. Hindi ito nililikha lamang ng ilang mga bagay, ito ay walang-hanggan nananatili roon, ngunit natatatakpan at dapat na tangalan ng takip – tuklasin. Naroroon iyon sa potensiyal nitong anyo. Sa pamamagitan ng mga tulong panlabas ito ay unti-unti at sumusulong na lalabas. Ito ay matatagpuan sa natatagpo nitong anyo – kaya't kinakailangang bigyang-buhay. Anyabhilasa, karma, jnana – ang mga panandaliang pagnanasa at mga binalak na pagtatangka ng eksploytasyon at pagwawalang-bahala, ang nakahahadlang. Kinakailangan nating alisin ang mga nakakahadlang na ito at saka mananaig ang Bhakti sa buo nitong kapurihan.

Ang pakikisalamuha at atraksyon para sa mas mataas na antas ng katotohanan ay napakadalang matagpuan, lalo na sa makabagong panahon kung saan ang direksyon ng kaisipan ay patungo lahat sa eksploytasyon, kahit ang kaalaman. Ang katotohanan na kahit ang kaalaman ay nagiging alipin ng

pawang katotohanan ang kanyang sinasabi at hindi imahinasyon lamang. Ang ganoong pananaw ay depende sa antas ng pagkamulat ng mga mata. Kapag ang isang bulag ay nagamot ng isang may kakayahang manggagamot mabilis niyang mauunawaan na, “Oo, nagsisimula na akong makakita. Ngayon mayroon ng karanasan ang aking mga mata.” Magmula noon, hindi na niya bibigyang-pansin pa ang mga kahina-hinalang opinyon ng mga bulag na tao, bagkus magkakaroon siya ng tuwid na kakayahan para makakita. Sa pagdating ng kanyang paningin mauunawaan niya na ang paggamit ng medisina ay mayroong ilang epekto.

Ito ay tulad din ng siyentipikong pagkakaunawa. Noong unang panahon, nang madiskubre ni Faraday ang elektrisidad, pinagtawanan ito ng maraming tao, “Ano ito? Ito ay pawang kuryosidad lamang. Anong pakinabang ang makukuha natin mula sa elektrisidad?”

Minsan kong nabasa ang katha ni Faraday na nagpapakita ng kanyang eksperimento upang mailabas ang epekto ng kanyang natuklasan. Nakapaglabas siya ng elektrisidad sa pamamagitan ng makina at saka nagpakita ng maliliit na pirasong papel na napagagalaw ng kuryente. Marami ang nasiyahan sa kanyang natuklasan, subalit isang babae ang nagwika, “Subalit pagkatapos ng lahat ng ito, Ginoong Faraday, anong praktikal na kapakinabanagan ang makukuha natin sa walang-kwentang paglalaro?”

Sumagot si Faraday, “Ginang, maaari mo bang sabihin sa akin kung ano ang pakinabang ng kapapanganak na sanggol?” Ang kanyang ideya ay ang sanggol na bagong panganak ay nararapat na alagaan, at kapag lumaki na, ang kanyang lakas ay magagamit sa kapaki-pakinabang na gawain. Tulad din, ang ilan ay tinitingnan ang kamalayan ukol sa Panginoon na isa lamang pagpapasarap, pagpapauso o paglalaro – na

walang anumang pakinabang. Subalit kapag tumindi ang kamalayan natin sa Panginoon, lahat ng makararanas ay makikita na ang lahat ng iba pang gawain, gaano man kalinaw, ay mawawalan pa din ng halaga. Bakit? Sapagkat pinakamahalaga pa din sa atin ang pagkabuhay. Ayaw nating mamatay.

Ang mabuhay ang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao. Walang magsasabing hindi nila nais na mabuhay, at hindi lamang basta mabuhay, ngunit mamuhay ng maligaya, maayos at may kamalayan. Gayundin, nais nating umiwas sa lahat ng pahirap, kalungkutan at pagdurusa.

Kapag ang kamalayan sa Panginoon ay namayani sa isang tao, malinaw niyang makikita, “Bakit lahat ay gumagawa ng walang kabuluhang paghahanap sa makamundong daigdig? Lahat ay naghahangad ng kaligayahan, subalit ang pagnanais na ito ay para lamang sa mga bagay na likhang-isip lamang.”

Ang kaligayahan kailanman ay hindi maaaring makasama ng mga bagay na mortal. Tayo ay gumagawa ng ugnayan sa daigdig na mortal, ngunit hindi yaon magdudulot sa atin ng kaligayahan; yaon ay makauubos lamang ng ating lakas. Ang makakamit natin sa isang panig ay nawawala naman sa kabilala. Ang matalinong tao ay hindi dapat tumatanggap o pinababayaan ang ganitong pag-aaksaya ng lakas bilang pamtayan sa buhay. Ang matalinong tao ay nakikita ang kabilang dako ng buhay. Nakikita niya na ang kanyang sarili ay hindi isang uri sa makamundong daigdig na tinuturing na isa lamang laruan. Mararamdaman niya, “Ako ay imortal. Ako ay miyembro ng walang-hanggang daigdig, ngunit kahit paano ako ay napatali sa aspetong mortal ng pagkabuhay. Kaya’t, kapag natanggal ko ang ganitong ugnayan makatatayo na ako sa aking normal na kalagayan.” Matatagpuan niya na siya mismo - ang kaluluwa, ang

**bhakti paresanubhavo viraktir
anyatra chaisa trika eka-kalah
prapadyamanasya yathasnatah syus-
tustih pustih ksudapayo ‘nughasam**

(Bha: 11.2.42)

Ipinaliwanag ng sikat na Sloka ng Srimad-Bhagavatam na kapag kumakain kayo, ang inyong tiyan ang saksi. Sinasabi nito, “Oo, kumakain ako.” Ang pagkagutom ay mabibigyang-lunas, ang katawan ay mapapayabong at makakakuha ng lakas at mararamdaman ang kaganapan ng pagkain. Gayundin, mawawala na ang pangangailangan na kumain pa tayo ng kumain. Tulad nito, sa buhay-isperituwal maraming palatandaan ang darating upang maipakita ang inyong pag-unlad.

Mayroon tayo ngayong katawang-lupa, at ito ang pinakamahalagang oras para sa atin, ngunit nawawala dahil sa mali nating ginagawa. Ang pinakamahalagang lakas natin ay nawawala dahil sa maling gawain. Uttisthatah jagratah prapyo varan nibodhatah – kaya’t gumising, tumayo, at gumawa para sa inyong kapakanan. Hindi lamang yaon, kundi anyayahan din ang iba na sumali sa ganoong gawain, at nang sa gayon mabibigyan kayo ng tulong sa partikular na paraan.

Ang pangunahing bagay ay dapat tayong makisali sa mga gawaing debosyonal sa ilalim ng paggabay ng mas mataas na antas na nilalang at magkaroon ng mga gawaing makakakuha ng ating atensyon upang hindi mawawalan ng libreng oras para sa mga makamundong gawain. Yaong mga ganoong programa na may kaugnayan sa deboto ay makatutulong ng lubos sa atin.

ninyo ang inyong lakas mula sa pagkakaligaw at mabibigyang-direksyon ito sa tamang paraan kung saan kayo ay uunlad. Sa ganitong paraan magiging matalik na kaibigan ninyo ang inyong sarili. Subalit, kung pahihintulutan ninyo ang inyong mga sarili na pangunahan ng iba't-ibang bagay sa mas mababang antas ng kalikasan kung saan patuloy ninyong sinusubukang kumilos sa lupain ng eksploytasyon, reaksiyon, at pagdurusa, magiging kaaway ninyo ang inyong sarili. Bigyang-pansin ninyo ang lahat ng bagay na ito."

vimrsyaitad asesena yathechchhasi tatha kuru

(Bg. 18.63)

"Bigyang-pansing mabuti, at saka gamitin ang tamang hakbang pasulong." Ang katayuan ng buhay ay mahalaga. Mayroon kayong kapangyarihan na mamili, ngunit hindi ito ipagkakaloob sa inyo kung, sa puwersa ng alon ng reaksiyon, kayo ay magkakatawang puno, halimaw o kahit anupaman. Nakatitiyak ba kayo na hindi kayo bababa sa anyong hayop sa inyong susunod na buhay? Ano ang katiyakan na hindi kayo magiging ganoon?

Hindi naman ibig sabihin na lahat ng aksyon at lahat ng pag-unlad ay nagaganap lamang sa mundo ng kamatayan. Ang kaunlaran ay hindi limitado sa kadiliman at kamangmangan, ngunit kung tunay ngang nakikibahagi sa positibong pag-unlad mararamdaman ninyo kung ano talaga ang tunay na pag-unlad. Hrdayenabhyanjnato – mararamdaman at mauunawaan ninyo na ang pag-unlad na ito ay kasama ang panloob na pagsang-ayon, ang pagsang-ayon ng inyong puso. Hindi nangangahulugang mayroong mga ilang mapanlinlang na pag-asa ang ibinigay at dadalhin kayo sa dayuhang lupain upang patayin, pasakitan at pahirapan. Walang pag-aalinlangan na ganoon.

nakararamdam, ang nakauunawa – ay bahagi ng ibang lupain subalit napatali sa loob ng mapagpasakit na mundong mortal. Ito ay miserableng daigdig. Sa tulong ng lakas ng ating pagkaunawa tayo ay uunlad sa walang-kamatayang daigdig.

Habang dumarating sa atin ang positibong katibayan, makararamdam tayo ng, "Ngayon nakikita ko na ang mga bagay na ito at naririnig ang mga yaon, at ang karanasang ito ay higit na totoo kaysa sa mundo ukol sa akin. Ang daigdig ay walang kalinawan, subalit ang mga nakikita at naririnig ko ngayon ay higit na totoo kaysa doon."

Ang direktang pakikipag-ugnayan kasama ang kaluluwa, ang Panginoon, at ang lupain ng Panginoon ay posible. Kung saan tayo kasalukuyang namumuhay ay ang daigdig ng hindi direktang pakikipag-ugnayan. Bago tayo magkaroon ng karanasan sa daigdig na ito, ang ating mga pandama ay nakatatanggap ng mga impormasyon na naibahagi sa ating kaisipan. Subalit sa kalagayan ng ating kaluluwa, mararamdaman natin ng direkta sa atin ng walang tulong na magmula sa kahit anong instrumento.

Sa pamamagitan ng mikroskopyo maaari nating makita ang isang bagay, at sa pamamagitan ng ating mga mata makakikita tayo ng mga iba pang bagay. Mayroong pagkakaiba. Sa pamamagitan ng mata, tainga, at iba pa magkakaroon tayo ng mga karanasan sa mundong ito, ngunit kung bibigyang kabuluhan natin ang kaluluwa, kung makalalabas tayo mula sa "pag-unlad." Sa negatibong panig, tayo ay makakaramdam ng, "O! Ito ang kalikasan ng kaluluwa." Direkta nating mararamdaman kung sino talaga tayo na hindi humihingi ng anumang tulong mula sa anumang instrumento.

Maaaring makita ng kaluluwa ang kanyang sarili; maaari niyang bigyan ng kaukulang atensyon ang kanyang sarili at

sa pamamagitan ng pagsusuri mauunawaan niya ang kanyang kalikasan. Sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri ang kaluluwa ay maiintindihan lahat ng posibleng pagkaunawa tungkol sa kanyang sarili at hindi humihingi ng tulong mula sa anumang instrumento. Kaya't mauunawaan niya ang kanyang sariling lupain. Makakamit niya ang pagkaunawa sa mas mataas na uri ng lupain. Sa ganitong positibong panig matutuklasan niya, "Hindi ako mamamatay."

Ang makamundong daigdig ay ang daigdig ng maling pagpapahayag at di-pagkakaunawaan, subalit sa mas mataas na antas ng daigdig walang matatagpuang di-pagkakaunawaan. Ang minsang pagtanggap doon ang ating pagkaunawa, kahit na ito ay bahagi lamang, ay magiging malinaw at totoo pa din, sinumang makaranas ay magaganyak at magpipilit na makapunta.

Nararamdaman ni Socrates na ang kaluluwa ay imortal. Masidhi ang kanyang nararamdaman na hindi niya binigyang-halaga ang kanyang buhay sa makamundong daigdig na ito. Inihiwalay niya ang kanyang sarili sa mundo sapagkat mahigpit ang kanyang paninindigan na kilala niya ang kaluluwa bilang imortal. Si Kristo ay kumbinsido sa Kanyang Panginoon na hindi man lang niya naisip ang kaligayahan at kasiyahan ng daigdig na yaon – ipinagwalang-bahala niya lahat.

Napakaraming bagay na hindi nakikita ng mga mata na nakikita naman ng mata ng kaalaman. Aaminin natin na ang mata ng kaalaman ay nakikita ang mga bagay na hindi nakikita ng mga pangkaraniwang mata sa naiiba, mas malinaw na pamamaraan. Hindi nakakakita ang mga mata kung ito ay natatakpan ng katarata, ngunit kapag ang katarata ay naalis makakakita na ang mata. Ang kamangmangan ay tulad ng katarata sa ating mata na magiging dahilan ng ating pagk-

Winika ni Krsna sa Srimad Bhagavad-gita, "Yaong lugar kung saan hindi na bumabalik ang sinumang nakararating ay ang aking Makapangyarihang Kanlungan."

**abrahma-bhuvanal lokah punar avarttino 'rjuna
mam upetya tu kaunteya punar janma na vidyate**
(Bg. 8.16)

Tinuruan niya si Arjuna, "Ang permanenteng kalagayan ay ang tanging posible sa Aking daigdig. Lahat ng gawain sa daigdig na ito, kahit na ang sa hari, ay pawang pangarap lamang. Kaya't kung nais ninyong makawala sa ganitong klaseng pangangarap at makapasok sa katotohanan, kinakailangan ninyong itaas ang inyong mga sarili sa paman-tayan ng paghahanap ng daigdig ng katotohanan, subalit mahirap man itong maunawaan, hindi naman ito maaaring malamon ng kamatayan. Ipunin ninyo ang inyong lakas upang makabuo kayo ng permanenteng bagay. Sa ngayon kayo ay nag-iipon ng lakas sa ibang bagay na maaaring mawala sa darating na panahon – isang walang kwentang pagsubok.

**uddhared atmanatmanam natmanam avasadayet
atmaiva hy atmano bandhur atmaiva ripur atmanah**
(Gita 6.5)

"Alalahanin ninyo na ang sarili ninyo ang inyong kaibigan, subalit ito rin ang inyong kaaway. Magiging kaaway ninyo ang inyong sarili kung hindi ninyo pakaiingatan ang pansarili ninyong paghubog sa inyong tunay na pag-unlad. Subalit magiging kaibigan din ninyo ang inyong sarili, at walang ibang makatutulong sa inyo kundi ang sarili din ninyo."

bandhur atmatmanas tasya yenaivatmatmana jitah
(Gita 6.6)

"Kung nakokontrol ninyo ang inyong pag-iisip, maiipon

ang pag-awit ng Krsna-nama ng walang pakikipag-ugnayan sa sadhu ay nangangahulugang paghihirap na makasulong tayo. Samakatwid sa isang salita ang lunas ay nasa sadhu-sanga. Nararapat na ingatan natin ang grupo ng mga naligtas na kaluluwa ng may tamang pamantayan, at lahat ay mapupunta sa tamang lugar. Ang hari ng mga sadhus ay ang Guru. Si Gurudeva ang hari ng mga dakillang kaluluwa na nakapagbibigay ng paggabay. Bago maging Guru ang isang tao, ito ay nangangahulugang magagabayan niya tayo ng maayos, dahil kung hindi sino ang ating paniniwalaan at pagkakatiwalaan sa abot ng ating pagkakaunawa, at kanino tayo susuko ng buo? Ang Guru ay mabibigyan kasagutan ang ating mga katanungan. Dahil sa kanya, ang mga mas mataas na direksyon ay bababa mula sa itaas, mula sa higit na mataas na daigdig ng pag-ibig. Dapat tayo makipag-ugnayan sa yaong kaitaasan at banayad na alon at makakamtam natin ang kapakinabangan. Ito ang kabuuang ideya.

Nararapat nating makita na ang alindog ng buhay ay natapos na. Marami na tayong mga karanasan na magpapatunay na lahat ng ito ay karaniwan lamang. Sabagay, kahit saanman mayroong apat na kalaban, janma, mutya, jara, vyadhi - kapanganakan, kamatayan, katandaan at karamdaman, hindi magkakaroon ng tunay na kaligayahan. Walang makakamit na tunay na kaligayahan kung saanman may kamatayan. Sa gaanong lugar palagian tayong nasa panganib ng kamatayan, kaya't mawawala ang kasiyahan. Lahat ng kasiyahan ay buong-buong matatapos. Samakatwid, dapat nating mapag-tanto kung saan tayo dapat mabuhay. Nararapat tayo pumili ng mas mataas na antas ng daigdig kung saan tayo ay mabubuhay.

yad gatva na nivarttante tad dhama paramam mama
(Gita 15.6)

abulag. Ang ating paningin ay panlabas lamang, ngunit ang malalim na paningin ay maaring makakita ng maraming bagay. Ang matang ito na masusuportahan ng mata ng kaalaman ay makakakita ng maraming bagay – mas malalim at higit na malalim pa.

Ang malinaw na paningin ay walang halaga. Ang tunay na halaga ay matatagpuan sa pantas na nakakakita ng may mas malalim na paningin, at ang lahat ay hindi pantay-pantay. Mayroong marunong, mas marunong, higit na marunong; mayroong pagkakasunud-sunod, at naaayon sa kakayahan na makikita lamang ng pantas.

Madaling makita na sa kasalukuyan na tayo ay bahagi ng mundong mortal, ngunit sa paanong paraan tayo magkakaugnay? Ang ating katawan ang bahagi. Kung makakaahon tayo paakyat sa pagkaunawa ng katawan mararating natin ang kaisipan, paakyat sa karunungan at patungo sa kaluluwa. Matatagpuan natin na ang daigdig na kung saan namumuhay ng walang-kamatayan ang kaluluwa, at ang kaluluwa mismo ay walang hanggan. Mula roon maipagpapatuloy natin ang paghahanap ng “Supersoul”, ang pinagmulan ng lahat ng kaisipan. Ang “Supersoul” ay tulad ng araw na siyang pinagmumulan ng lahat ng liwanag. Kapag nakatagpo tayo ng liwanag mararating ang araw kung saan nagmumula ang liwanag. Gayundin, mula sa pagkau-nawa ng ating mga sarili, pagkilala sa ating sarili bilang butil ng kamalayan, makatagpo tayo ng daigdig na lubhang may kamalayan, may kaalaman, at may pagkabuhay. Sa pamam-agitan nito tayo ay uunlad sa ating pangunahing dahilan, ang pinagmulan ng lahat. Subalit hindi tayo makapupunta roon ng naaayon lamang sa ating pansariling kagustuhan at kalayaan; mga ilang uri ng tulong mula sa daigdig na yaon ang hindi maaaring mawala. Ang tulong na yaon na nagmu-mula sa anyo ng Guru, ng Vaisnavas, at lahat ng tagapaghatid

sa lupaing yaon. Sa tulong nila makagagawa tayo ng mga tapat na pag-unlad patungo sa ating hangarin.

Sa kasalukuyan tayo ang makapangyarihan sa lahat ng ating nakikita, ngunit ang ating mga nakikita ay panandalian lamang lahat, namamatay at nagbabago. Ang kasiya-siya ngayon ay nagdudulot ng hapdi pagkaraan, samakatwid kinakailangan nating humanap ng mabuting kalagayan, kahit saanman, mabuting lugar na pagtatayuan ng ating tahanan, at lahat dito ay perpekto.

“Tahanan. Pabalik sa Panginoon, pabalik sa tahanan – mali-gayang, maligayang tahanan.” Matatagpuan natin ang ganitong pakiramdam sa atin kung tayo ay magiging mapapalad na makilahok sa paggabay na din ng mga tagabantay ng lugar na yaon, ang mga tagapaghatid ng Panginoon. Dadalhin tayo sa tamang lupain at magkakamit tayo ng ilang solidong uri ng pagkakaunawa kung ano ang mukha ng tunay na tahanan. Sa ganitong paraan uunlad tayo sa yaong panig.

Sa simula maaaring maisip natin na tayo ay patutungo sa kung saang di-kilalang lugar. “Di-mabilang na buhay na nilalang ang nakapaligid sa akin dito sa kasalukuyan kong mundo, ngunit kung saan ko man subukang tumungo – yaon ang walang katiyakan. Ito ay pawang kathang-isip lamang at walang –buhay.” Subalit, kapag nagsimula na tayong maglak-bay unti-unti nating matatagpuan halos lahat ng nabubuhay sa panig na yaon, na ang panig na yaon ay lugar kung saan lahat ay makatotohanan. Matatagpuan natin na ang panig ng materyal ay lubhang limitado, na mayroon lamang munting pagpapakita ng katotohanan.

Maaari nating isipin na ang lahat ay nabubuhay dito sa mundo at ilan lamang natatanging kaluluwa tulad nina Socrates, Mohammed, Buddha at iba pa ay nagmula rito

tanong na dapat bigyang-pansin, at ilaan natin ang ating buong lakas upang makahanap ng lunas. Ito ay hindi nakalaan lamang sa iisang tao – ang sarili – ngunit ito ay para sa lahat ng nilalang.

Ang pagtuklas ng pinagmulan ng lahat ay ang kalikasan ng tamang pagtatanong, subalit ang pagtatanong ng ganito at ganyan at ilang daan pang mga bagay ay pagsasayang lamang ng lakas. Ang katanungan ng Sastric o Kasulatan ay ipinahayag sa ganitong paraan: “Saan ako nagmula? Ano ang bumubuhay sa akin? Ano ang aking hinaharap? Bakit ako nangangamba at paano ko makakamit ang panloob na kaganapan? Lahat ng mga katanungan ay dapat tupdin ang ganoong uri ng paraan at kung hindi mayroong diperensiya ang ating mga katanungan. Hindi ito magiging totoo. Patuloy lamang madaragdagan ang kuryosidad natin, kaya’t dapat tayo matuto kung paano magtanong, at sa ganitong paraan ang ating lakas ay magkakaroon ng halaga at hindi masasayang lamang.

Ang katanungan ay likas kung ito ay patungo sa kaganapan ng ating tunay na hangarin, samakatwid dapat nating ipunin ang ating lakas at gamitin ito sa tamang paraan. Ito ang Kali –yuga – ang panahon ng Kaguluhan – at ang ating tunay at tanging makatutulong sa buhay natin ay ang makasama ang mga kinikilalang banal at ang Banal na Pangalan ni Krsna. Kung hindi, ang pagtalikod doon, ang magiging dahilan upang tayo ay maligaw ng landas sa anumang hakbang na ating gagawin.

sadhu-sange krsna-nama ei matra chai
samsara jinite ara kona vastu nai

Ipinagkaloob ito ni Sri Chaitanya Mahaprabhu bilang nilala-man ng lahat niyang payo, at wala ng hihigit pa dito upang matulungan tayo na makawala sa kaguluhan. Sinabi niya na

ng buhay. Dapat ninyong mabatid ito. Kahit paano, maging mapagtanto sa inyong pagkatao. Hanapin ninyo ang pansarili ninyong interes sa pamamagitan ng pagtanto sa inyong sarili. Isantabi ang mga makamundong daigdig at pangyayari at suriin ang katotohanan, ang inyong panloob na kayamanan. Hanapin ang inyong panloob na sarili at panloob na daigdig na nasasainyo, kung saan ang panloob ninyong sarili ay nabubuhay. Subukan ninyong hanapin yaong tahanan. Pabalik sa Panginoon, pabalik sa tahanan, at hindi para sa paglalakbay sa lupain ng iba – ang lupain ng kamatayan. Subukan ninyong iwasan ang lupain ng kamatayan anuman ang mangyari, at palagiang subukan ang walang-hanggang lupaing yaon. Ano ang kahulugan ng kaginhawahan sa tahanan? Ito ay nangangahulugang likas na lugar na ating namana. Harapin natin ang katotohanan na tayo ay wala sa ating tahanan, subalit kung mayroon tayong hangarin na tumuklas, tayo ay mapalad.

Ang pangangailangan natin ay tuklasin kung paanong ang panloob nating pagkauhaw ay mabigyang-katapusan. Ang pakiramdam natin ay nararapat na maging ganito: “Ang daigdig ay naririto, subalit wala akong kaganapan. Paano ko mabibigyang kaganapan ang pansarili kong kalooban?” Tayo ay nagnanais, samakatwid sa paanong paraan maaalis ang ganitong pagnanais? Sa ngayon nagtataglay tayo ng katawang lupa, ngunit ang alamin ang lahat ukol sa katawan – ukol sa mga buto, sistema ng ugat, dugo at iba pa - ay hindi na kinakailangan. Ang ating karunungan ay dapat nakaikot lamang sa ganitong paraan: “Sino ako, at bakit ako nababahala? Hindi ko alam paano ko mapalalaya ang aking sarili mula sa mga suliraning ito.” Ito ang kabuuang katanungan at dapat natin ito bigyang-pansin.

“Athato brahma – jijnasa – Saan ako nagmula? Paano ako namumuhay, at ano ang aking hinahanap? Ito ang mga

patungo sa walang kamatayang daigdig. Subalit unti-unti tayo ay darating upang maunawaan na ang mas mataas na antas ng daigdig ay walang-hanggang nakahihigit kaysa sa makamundong bahagi na ating nakikita. Unti-unti nating mauunawaan na tulad ng isang bansa na mayroong maliit na seksyon na nagsisilbing pagamutan o kanlungan ng mga nagdurusa, gayundin, ang mga ilan ang naririto sa makamundong daigdig bilang parusa. Habang lumilinaw, higit tayong magkakaroon ng tapang na magpatuloy, at mas mabilis na pagtakbo patungo sa ating tahanan, ang ating bilis ay patuloy na madaragdagan, “O, ito ang aking tahanan.”

Sa kasalukuyan, tayo ay nasa labas at ang ating kaisipan ay nakatuon sa labas. Gumagalaw tayo nang walang gumagabay. Ang pag-asa natin ay nakasalalay lamang sa tulong ng mga banal na tagapaghatid. Dumating sila upang kuhanin tayo at bigyan ng babala, “Ano ang inyong ginagawa? Huwag kayong pumunta sa panig na yaon. Yaon ang lupain ng panganib, ang lupain ng kamatayan. Sumama kayo sa akin. Dadalhin ko kayo sa lupain ng walang-hanggang nektar.” Dumating ang mga tagapaghatid upang buhayin tayo mula sa ating pagkakahimbing, sa ating kawalan ng kaalaman. Sila ang mga Vaisnavas, at binigay din nila ang mga Kasulatan na nagbibigay ng ilang kasaysayan ng nakaraang lupain ng nektar at ng mga banal na nanggaling doon. Sa pamamagitan ng Kasulatan ang ating pananampalataya ay unti-unting mabubuo at patuloy tayong makikipag-ugnayan sa mga sadhus. Dahil dito magiging mabilis ang ating pag-unlad.

Ang pakiramdam ng isa ang magbibigay katiyakan kung siya ba ay tunay na umuunlad o hindi. Hridayenabhyanjnato. Makatatanggap siya ng pagsang-ayon na ididikta ng kanyang puso na siya ay totooong umuunlad. Kung hindi, ang isang tao ay maaaring mapadpad sa partikular na direksyon lamang

para makaramdam ng pagkabigo pagkaraan. Subalit ang ganitong pakikipag-ugnayan ay hindi tunay – isang pagpapanggap, pandaraya. Sa pangalan ng relihiyon maraming bagay ang maaaring mangyari, tulad ng pagpapalitan, ngunit hindi ito nangangahulugan na ang tunay na pagkaunawa at tunay na pagpapalaya ay hindi nagaganap. Hrdayenabhyanujnato – ang pinakamakapangyarihang katiyakan ay ang pagsang-ayon ng inyong puso, “Oo, tunay na ito ang hangad ko. Mula sa kaibuturan ng aking puso nararamdaman ko ang pagnanasa kong sumayaw, upang matagpuan natin na yaong pag-unlad ay posible.”

Ikatlong Kabanata

Karaniwan na sa mundong ito na tayo ay mga nilalang ng paggawa, mga taong tumutuklas ng kapaligiran at kalikasan upang magkamit ng lakas. Palagi ang may pagtatangka na makapagtipon ng higit at higit pang lakas na magagamit sa ating kagustuhan at maglaan ng bagay na magagamit sa panahon ng pangangailangan. Sa kabuuan, gayon ang lubhang kalagayan ng mga nabubuhay dito, at kung mayroon mang darating na susubok sa yaong mga pangyayari ay ituturing na napakasama sapagkat kinakalaban ang mga bagay ng buhay dito, ang pag-iipon ng higit na lakas. Subalit, upang ipaalala sa atin ang kahalagahan ng panloob na kayamanan tayo ay pinapayuhan na ang panlabas na kalikasan ay hindi tulad ng ating panloob na kalikasan na makapagdudulot sa atin ng sakit dahil sa pagwawalang-bahala natin na makaipon ng marami pang kayamanan para sa ating panloob na pagkabuhay: ang pagkatao sa loob. Pakatandaan natin ang puntong ito: anuman ang nagmumula sa labas ay hindi ganoon kahalaga - dumarating ito at nawawala. Kahit ang katawan, na sa kasalukuyan ay sentro ng ating mga iniisip, ay mawawala din, kaya’t ano ang halaga ng pagtitipon ng maraming lakas na may kaugnayan sa ating katawan? Gisingin ninyo mula sa kaibuturan ng inyong kaluluwa ang tamang pagkatao na nasasainyo. Subukan ninyong hanapin siya at subukang humingi ng tulong mula sa kanya. Ang ganitong layunin ay posible lamang sa tulong ng pakikipag-ugnayan sa sadhu, ang banal.

Tayo ay magiging talunan anumang oras kung hindi tayo makikipagkilala sa banal at maririnig ang ilan niyang pagpapaliwanag tungkol sa panloob na kahulugan at nilalalaman